# PROLOGUE

Puno ng kabang binaybay ni Arianne ang isang makipot na eskinita. Kipkip ang ilang libro na hindi nagkasya sa maliit niyang bag na dala ay halos patakbo niyang binaybay ang lugar na pangalawang beses pa lang niya napuntahan. Pero bakit ba kasi siya naglakas-loob na pumunta roon?

Napabuntong-hininga siya. Kapag nalaman ng kanyang mommy na nag-cutting classes siya para puntahan ang nobyo ay siguradong magagalit na naman ito. Kahit kaibigan lang kasi ang pakilala niya kay Nico ay alam niyang sukal na sukal ang loob nito na nakikipagmabutihan siya sa isang janitor ng university na kanyang pinapasukan.

*Nico….*

Nakahinga siya nang maluwag nang matanaw ang bahay ng kapatid ng nobyo. Nagulat ang ate nito nang mabungaran siya sa pinto.

"Nas'an si Nico, Ate Paula?" agad niyang tanong pero ang mata ay napatingin agad sa kanugnog na kuwarto sa itaas ng hagdan. 'Bahay ng kalapati,'

iyon ang tawag nila ng nobyo sa munting silid na inuupahan nito. Hindi kasi nakisunong ang kanyang nobyo sa kapatid dahil maliit lang ang bahay ng mga ito at sapat lang para sa pamilyang may isang anak.

"Hindi ka man lang nagpasabi na pupunta ka. Sana sinundo kita d'on sa labasan," anang babae sa puntong Bisaya. Tubong Masbate kasi ang pamilya ng kanyang nobyo. Nagpatiuna itong umakyat sa hagdan. "Brod!" sigaw nito na may halong excitement.

Ihahakbang pa lang sana niya ang mga paa nang sumungaw ang binata. "Arianne…" Inalalayan siya nito sa pag-akyat sa hagdan. Isa iyon sa miminsang pagkakataon na nahahawakan siya ng binata. Bukod kasi sa lihim ang relasyon nila ay bihira lang din silang lumabas nito. Sa kulang isang taon na iyon ay hindi man lang niya maipakita kung gaano siya ka-sweet bilang nobya. Nag-aalangan kasi siya, hindi dahil sa wala siyang tiwala rito. Siguro ay hindi lang siya sanay dahil ito ang first boyfriend niya.

"I missed you," ani Nico sabay yakap nang mahigpit sa kanya.

Dalawang araw na kasi itong hindi pumapasok kaya nagdesisyon siyang bisitahin ang nobyo.

Pinaupo siya nito sa papag. Parang walang anumang nakipagkuwentuhan sa kanya ang nobyo. Naaksidente pala ito kaya hindi nakapasok, pero hindi naman matindi ang naging sugat. Hinayaan niyang pumatong ang ulo nito sa kanyang kandungan habang nilalagyan niya ng ointment ang mga sariwang sugat pa nito sa mukha at braso. He was a picture of a contented soul while their faces were inches close to each other. Di niya napigilang ngumiti.

"Bakit ka ngumingiti?" untag ng lalaki. Umangat ng kaunti ang ulo nito kaya halos magkadikit ang mga mukha nila.

Napaigtad ang dalaga. "Eh di ngumiti ka rin," pang-aasar niya para maitago ang pagkapahiya. "'Yan tapos na, bumangon ka na."

"Ayoko nga. Sarap dito, eh," anitong inihilig uli ang ulo sa kandungan niya saka pumikit. Pinagmasdan niya ang binata. Hindi maituturing na pangit si Nico. Kahit hindi pantay ang kulay nito dala ng pagkakasunog sa ilalim ng araw ay mababanaag doon ang kakisigang nakita ng puso niya. Medyo tsinito ang mga mata nito na tinernuhan ng matangos na ilong. Marami nga siyang nababalitaan na nagkaka-crush dito sa university nila.

*Malas naman ng mga babaeng 'yon at ako ang niligawan mo…*

She was surprised when he opened his eyes and gave her a quick kiss on the lips. Sa pisngi lang niya kasi pinapahalik ang nobyo. "I love you…" bulong nito. Hindi siya agad nakapagsalita. It was her first kiss! Noon biglang bumuhos ang malakas na ulan.

Tumayo si Nico para isara ang nakabukas na bintana. "Naiwan ko pala ang payong ko!" she declared. Dalawang oras kasi ang biyahe mula doon papuntang Sampaloc at tatlong sakay pa siya.

"Eh di dito ka na matulog." Si Nico. Parang noon lang din niya napansin ang oras. Mag-a-alas-sais na! "Gabi na pala. Kailangan ko nang umuwi."

Umungol ito. "Mamaya na lang."

Napailing siya saka kinuha ang inilapag na bag sa pahabang bangkito na kanugnog lang ng papag. "Baka tumawag si Mommy sa bahay. Magtataka 'yon pag wala ako d'on."

"Please, Arianne. Ngayon lang kita medyo nakasama nang matagal, eh. Baka di pa ako makapasok bukas sa school. Medyo masakit pa kasi ang pilay ko."

Napatingin siya sa nobyo. Oo nga naman, bihira pala silang magkasama nito. Baka malipat pa ng destino si Nico dahil nagre-reshuffle ng mga janitors ang agency na kinabibilangan nito.

"Please?"

Wala sa loob na napatango siya. Nico promised to behave kapalit ng pagtulog niya sa tinutuluyan nito. Nag-text na lang siya sa Mommy niya para magpaalam na nakituloy siya sa isang kaibigan dahil may tinatapos silang project. Somehow she felt guilty about it, pero mas matimbang ang puso niya nang mga sandaling yon. Kahit nag-aalangan ay mas malamang yata ang excitement na kanyang nararamdaman sa napipintong sleepover na iyon.

Pinahiram siya ng damit ng ate nito. Buti na lang at nakaugalian niyang magbaon ng extra panty sa bag kapag malapit na ang kanyang buwanang dalaw kaya makakapagpalit pa siya. That night, hindi niya alam kung sino sa kanila ng nobyo ang hindi makatulog. Nasa malamig na lapag kasi ang binata samantalang siya ay nasa matigas na papag. Impatiently, she turned to his side. "Sigurado ka ba'ng okay ka lang diyan?"

Bumangon agad ang lalaki. "Hindi nga, eh. Tabi

tayo?” anito saka dala-dala ang unan na sumuot sa kulambo niya.

Napabangon si Arianne. “Teka! Hindi naman kita—” Humiga agad ang binata. “Hoy! Nicolas! D’on ka nga!” aniyang pilit pinapaalis ito.

“Malamok d’on sa ibaba. Gusto mo bang magka-dengue ako?” anito saka umarteng tinapik ang isang braso.

Napahalukipkip siya. “Excuse me, ang dengue sa araw lang. S’abi mo magbe-behave ka,” sumbat niya.

“Wala naman akong ginagawa, ah.” Nang hindi siya tuminag ay bumangon ito. “Sige na nga, sa ibaba na lang ako,” may hinampong sabi nito.

Nakonsyensya agad ang dalaga. Alam niyang madalas magtampo sa kanya si Nico dahil pakiramdam nito ay ikinahihiya niya ito. Pinigilan niya ito sa aktong pag-angat muli ng kulambo. “Tabi na lang tayo.”

Sukat sa sinabi niya ay maluwang ang pagkakangiting humiga uli ito nang patagilid para magkasya sila. Nagbilang muna siya ng tatlong segundo bago tumagilid ng higa patalikod dito. Pumikit na siya, pero duda siya kung makakatulog

nga ba siya.

“Arianne…”

Umungol siya. Nang walang sagot ay inulit nito ang tawag. Napalunok muna siya bago sumagot. “Matulog ka na.”

Sa halip na sumagot ay iniyakap lang nito ang isang braso sa kanya. “Nico…. ”

He sighed. “Pa’no kung may mangyari sa ’tin ngayon?”

Napabangon siya sa narinig but his arm pinned her down. “Y-you wouldn’t dare! M-magagalit ako sa ’yo,” banta niya but her voice didn’t give enough conviction. Duda nga siya kung takot ba ang dahilan ng lalong pagbilis ng tibok ng puso niya. Or was it anticipation?

Ikinulong nito sa mga palad ang kanyang mukha. “Ikaw ang huling taong gusto kong magalit sa ’kin. I love you very much. Mas mahal pa kita kaysa sa sarili ko…”

Napakurap ang dalaga. Gahibla na lang kasi ang layo nila sa isa’t isa. She swallowed hard. “N-Nico, hindi pa tayo kasal,” kandabulol na sabi niya. Malakas

pa rin ang ulan sa labas, at nakakabingi na ang tindi ng tibok ng puso niya. O kay Nico ba iyon?

Hindi nito pinansin ang sinabi niya. “Magagalit ka ba kung hahalikan uli kita?” he asked in a pleading tone. Parang nahinto sa aktong paghiga ang dalaga. Her mind wanted to say no but her heart just would not let her. Napatitig lang siya rito. Parang slow motion na bumaba ang mga labi ng binata at nang magtagpo ang mga labi nila, napapikit si Arianne.

Mas matagal ang halik na iyon and with each passing second, she could feel her knees grow weaker. Parang idinuyan sa alapaap ang inaantok niyang diwa. Hindi na niya namalayan ang awtomatikong pag-akyat ng kanyang mga braso sa batok ng nobyo.

Their kiss deepened and her soft moan seemed to blow away her sane mind. “N-Nico, wag…” she stuttered her complaint but he was heedless. He started exploring her every part, carefully, lovingly. He unhooked her bra and held one breast. She was stunned as his mouth traced its contours, giving it soft bites.

At that instance, she was torn between reason and love for this man. Napahikbi siya. Natigilan ang

binata sa ginagawa. Sinamantala niya iyon para itulak ito at hilahin ang kumot. She sulked in her trembling self there.

Kusang lumayo ang binata. Naihilamos nito ang palad sa mukha. "My God. I'm sorry…" sising-sising sabi nito.

Walang sagot. Hinagilap nito ang mga mata niya. "Arianne, I'm sorry…"

Patlang. "G-gusto ko na'ng umuwi…" garalgal ang tinig na sabi niya.

Hindi agad nakapagsalita ang binata. "Galit ka?" Umiling siya. She was a willing prey dahil walang pumilit sa kanya na pumunta roon. She was a bad girl. Idinadahilan pa niya ang pag-aaral para lang makipagkita sa nobyo. *Very unbecoming*, sabi nga ng mommy niya. Sa naisip ay napahagulgol siya.

Niyakap siya ni Nico. "I'm sorry hindi ko napigilan. Please 'wag ka nang umiyak," he begged with all sincerity. "Ayaw kong magalit ka sa 'kin, please. Mamamatay ako."

Siya naman ang natigilan doon.

"Hayaan mo, sisikapin kong magpatuloy sa

college. Gusto kong ipagmalaki mo ako sa mommy mo.” Bahagyang gumaralgal ang tinig nito. Hinaplos nito ang maikli niyang buhok. “Gagawin ko ang lahat para sa ’yo Arianne. ‘Wag ka lang mawala sa ’kin,” madamdaming pahayag nito.

Napasinghot siya. Shyly, she met his gaze. “Bakit kasi ang kulit mo?”

Napangiti ito at muli siyang niyakap. For a moment, he held her as if that was the last thing he could do. Matagal sila sa ganoong posisyon hanggang sa maramdaman ng dalaga na tumila na ang ulan.

Nagpumilit na siyang umuwi sa kanilang apartment. Wala na ring nagawa ang nobyo kundi ang ihatid siya. Hatinggabi na nang marating nila ang bahay ng dalaga. Kapag huling Biyernes ng buwan ay may regular seminar ang kanyang ina sa iba’t-ibang lugar kaya kampante siyang umuwi ng disoras sa kanilang bahay. Sa susunod na araw pa ang uwi ng kanyang inang si Myrna mula sa mga dinadaluhan nitong pulong bilang pinuno ng isang LGU.

“Goodnight.” Akmang hahalikan siya ng binata sa pisngi nang biglang bumukas ang pinto. Sabay silang napatingin doon. Madilim na mukha ni Myrna

ang bumungad sa kanila.

"Bakit ngayon ka lang?"

Kapwa sila nagulat ng binata. "Mommy…" Wala siyang maapuhap na isagot.

"G-Good evening po, Ma'am," kandautal na salo ni Nico.

Aabutin niya sana ang kamay ng ina para magmano, pero iwinaksi nito iyon. "Saan ka nanggaling?" muli ang dumadagundong na tanong nito.

She stammered. "N-nag-text po ako sa i-inyo kanina. May tinatapos po kaming—Aray! " Nabitawan niya ang mga librong hawak nang kaladkarin siya ng kanyang ina papasok ng bahay. Parang leong maninila na pinaupo siya nito sa sofa na naroroon. Litong napasunod si Nico matapos kunin ang mga librong nagkalat sa sahig.

Dinuro siya ng ina. "Hindi kita pinalaking sinungaling! Sinundo kita kanina sa eskuwelahan kanina at sinabi ni Grace na maaga kang umuwi." Hindi siya makasagot. Nahimas niya ang nasaktang braso. "How dare you lie to me, Arianne! 'Yan ba ang itinuro sa 'yo ng lalaking ito?" anitong si Nico ang

binalingan. "At ikaw? Saan ka kukuha ng ipapakain sa anak ko, ha? Kaya mo ba siyang buhayin, ha? Ha?" Napayuko ang binata. Parang nalulon na rin nito ang sariling dila.

Parang nanghihinang napaupo si Myrna. "I worked hard para lang maiayos ang buhay natin. Ganito ba ang igaganti mo sa lahat ng sakripisyo ko, anak?" Gumaralgal ang tinig nito.

Nangilid ang luha ng dalaga. Those familiar lines. Malimit sabihin sa kanya ng ina iyon—kung paano siya nito pinalaking mag-isa mula nang mamatay ang daddy niya. Kaya nga sinikap niyang maging masunuring anak para sa ina. She didn't want to disappoint her. Until now…

"Kung wala na akong halaga sa 'yo bilang ina mo, sige. Ipagpatuloy mo ang pakikipagrelasyon sa lalaking iyan." Tumayo ang babae. "Mamili ka sa aming dalawa."

"Mommy..." Natilihan ang dalaga. Napatingin siya kay Nico na noon ay nagtaas na ng mukha. Tiim ang bagang nito sa pahayag ng kanyang ina.

Lakas-loob na nagsalita ang binata. "Ma'am, mahal na mahal ko po ang anak ninyo. Hayaan po

sana ninyong patunayan ko 'yon."

Napaismid ang babae. "Hindi mo maibibigay ang pangarap kong buhay para sa anak ko."

"Sa ngayon po, hindi pa. P-pero sisikapin ko pong magtapos din ng pag-aaral," sagot nitong sumulyap sa kanya.

Nanatiling walang imik si Arianne.

"Ang lakas din naman ng loob mo, binata. Pa'no mo gagawin 'yon? Tingnan mo nga ang sarili mo. Kailan ka ba huling bumili ng bagong damit, ha? Magkano lang ba ang sahod mo sa isang buwan?" tuya nito.

"Mommy!" awat ni Arianne. Hindi tama ang pinagsasabi ng kanyang ina at nasasaktan na siya para sa nobyo. Hindi naman sila mayaman. Nagkataong maganda lang ang naging trabaho ng kanyang ina at may iniwang tatlong pintong paupahang apartment ang kanyang ama bago ito pumanaw.

"Alam ko pong wala akong maipagmamalaki sa ngayon, pero handa po akong patunayan 'yan sa inyo pagdating ng panahon."

Pumalatak si Myrna. "Poor boy… Hindi na namin

mahihintay ang panahong sinasabi mo dahil ngayon pa lang, lalayuan ka nang anak ko."

Mabilis na lumipad ang tingin niya sa ina.

"I mean it, Arianne. Kapag nalaman kong nakipagkita o nakipag-usap ka sa lalaking ito kalimutan mo na'ng ako ang ina mo!" anitong nahulaan ang ibig sabihin ng tingin niya.

"Pero—"

"M-may nangyari na po sa amin, Mrs. Mendoza."

Nabingi ang dalaga sa tinuran ng nobyo. Ibinalik niya ang tingin sa ina na noon ay naniningkit ang mga matang hinarap si Nico. Hindi pa siya nakakakurap nang biglang dumapo ang malakas na sampal mukha nito. Bumalik ang mabangis na anyo ni Myrna kanina. Pilit nitong kinaladkad ang lalaki palabas ng pinto. "Lumayas ka! 'Wag na 'wag ka na'ng magkakamaling makipagkita o makipag-usap sa anak ko kundi ipapupulis kita!" litaw ang litid sa leeg na angil ng ginang.

Naggalawan ang mga muscles sa mukha ng lalaki. He closed his fist but before he could further react, the door slammed in front of his face.

Napapikit si Arianne. Hindi niya akalain na ganito ang kahihinatnan ng kanyang lihim na pakikipagrelasyon. Isang nakakabinging sampal ang nagpadilat sa kanya kasabay ng paghila ng ina sa kanya paakyat ng hagdan. Dinig niya ang malalakas na katok ni Nico sa pinto habang tinatawag ang kanyang pangalan. Napaiyak siya. But knowing her mother, hindi agad-agad malulusaw ang galit nito nang mga sandaling iyon.

"Diyan ka lang hangga't hindi natatanggal ang sapot sa ulo mo! I'm very disappointed in you! Pinag-aaral kita nang matino pero kung anu-ano ang ginagawa mo!" hingal sa galit na tungayaw ni Myrna nang itulak siya nito papasok ng kanyang kuwarto. Napaupo siya sa gilid ng kanyang kama. Nasalat niya ang nasaktang pisngi. Padaskol na kinuha nito ang kanyang bag at hinagilap ang cellphone doon. "You are not going to use this anymore," anito saka nagpupuyos na iniwanan siya sa loob ng kuwarto. Ini-lock pa nito ang pinto.

Tumayo ang dalaga para sumilip sa bintana. Hindi nagkabula ang hinala niya nang makita ang nobyong nakatayo pa rin sa labas. Nakita siya nito nang tumingala sa bintana. Behind the glass window

ay sinenyasan niyang umalis na ito pero umiling lang ang lalaki. Muli ang pagsalakay ng kaba sa kanya nang mamataang lumabas si Myrna at hinarap uli ang lalaki. Nakapamaywang pa ito habang tingin niya ay sinesermunan ang binata. Nakahinga siya nang maluwag nang tuluyan nang humakbang patalikod ang binata. Pero bago umalis ay malungkot muna itong tumingala sa kanya. He was close to tears, but she could do nothing. Malungkot niyang inihatid ng tanaw ang nobyo kasabay ng pagpatak ng sariling mga luha….

# 1

Wala naman daw bagyo pero nakapagtatakang ilang araw na ang walang tigil na pag-ulan. Gusto tuloy magsisi ni Arianne kung bakit ngayon pa niya naisipang ituloy ang balak na pagluwas sa Maynila. Marami namang pagkakataon noon pero sa tuwina ay laging may pumipigil sa kanya. Napatakip siya ng tainga nang gumuhit sa labas ang matalim na kidlat na sinundan ng malakas na kulog.

“Susmaryosep!” palatak ng may-edad na babaeng katabi niya. Tipid niya itong nginitian. “Ano’ng gagawin mo sa Maynila, ineng?” usisa nito.

“Maghahanap po ng trabaho. Kayo po ba?” pakikipagkuwentuhan niya.

“Dadalawin ko lang ‘yong anak kong nag-aaral sa Maynila. Hindi kasi makauwi dahil laging nag-uuulan. Dadalhan ko ng allowance,” sagot nito.

Napatangu-tango si Arianne. Marahil kung buhay pa ang mommy niya ay kaedad nito ang babae. May humaplos na lungkot sa puso niya nang maalala ang ina. Limang taon na ang nakaraan nang igupo ito ng sakit na kanser. Napatingin siya sa labas

ng bintana para ikubli sa katabi ang pangingilid ng luha niya. Parang kahapon lang, may natitira pa siyang magulang. Pero higit na apat na taon na siyang lubos na ulila.

Naihapit niya sa katawan ang suot na jacket nang makaramdam ng ginaw. Matagal na siyang hindi nagbibiyahe nang malayo kaya alam niyang ang limang oras na biyahe ay parusa sa ginawing katulad niya. Madaling araw pa naman noon. Pagbaling niya sa katabi ay nakasandal na ito sa upuan habang nakapikit. Napabuntong-hininga siya. Kung sana ay buhay pa ang mommy niya ngayon…

Mataas ang pangarap ni Myrna para sa kanya. Gusto nitong maging isa siyang ganap na doktor at makapag-abroad. Pero gumuho ang lahat ng iyon mula nang ma-diagnose ang sakit nitong breast cancer. She refused to undergo chemotherapy at first kaya malala na ang sakit nito nang magpasyang magpagamot. Magti-third year college na sana si Arianne noon nang magpasyang huminto sa pag-aaral para alagaan ang ina. She witnessed her every pain and silently wished na sana ay mailipat ang iba sa kanya. Nang tuluyang bumigay ang katawan nito, medyo maluwag sa loob niyang tinanggap iyon. Pero bago nito tuluyang ipinikit ang mga mata, she heard her say, *“Please tell Nico that I am sorry…”*

Ngayon, paano pa niya kaya sasabihin iyon sa lalaking anim na taon na niyang hindi nakikita? Kilala pa kaya siya nito? Nasa Maynila pa rin kaya ito ngayon o umuwi na ng probinsya? Ilan na kaya ang anak nito? Napangiti siya nang mapakla sa mga istupidong tanong na iyon. He was her first love. And maybe… her last. Pagkatapos kasi ng nabiting relasyon niya rito ay hindi na siya nagka-boyfriend pa. Mayroon namang mga nanligaw sa kanya sa probinsya pero sadya yatang naging manhid na ang puso niya para sa iba.

Napakislot si Arianne nang maramdaman ang pag-vibrate ng kanyang cellphone sa bag. Kinuha niya iyon at binasa ang text, pero dismayadong muling isinauli nang makitang galing iyon sa kanyang pinsang si Alice. Sinabi lang nito na bukas na sisimulan ang renovation sa dating bahay nila. Biglang kumirot ang sentidong sumandal siya ng upo. Parang biglang nabaligtad ang mundo niya pagkawala ng kanyang ina. Hindi na nga niya naituloy ang pag-aaral sa college, naiwan pa sa kanya ang maraming utang. Worse, pati sarili nilang mga kamag-anak ay ginigipit siya. Ang bahay na iyon ang natitirang alaala na lang sana ng kanyang ina, pero dahil sa hindi matapus-tapos na pagbabayad niya ng “utang” daw nila noong nagke-chemotherapy

pa ang kanyang ina ay nagpasya siyang ibenta na lang iyon. Ang kanyang Tita Lina ang may malaking interes doon dahil magkadugtong lang ang loteng kinatitirikan ng bahay nila at ang bahay ng mga ito kaya siguro pursigido itong makuha iyon.

Muli ang pagsigid ng ginaw sa kanyang kalamnan. Kung siya ang papipiliin ay ayaw na niyang balikan sa isip ang mga nagdaang pangyayari sa kanyang buhay. Gusto niyang magsimula uli. At doon siya sa Maynila muling mangangarap…

"ARIANNE!"

Gulat na gulat ang Auntie Betty niya nang mapagbuksan siya ng pinto. Biyudang kapatid ito ng daddy niya at dito niya balak makipanuluyan habang naghahanap ng trabaho. Nagmano siya rito. "Magandang umaga po, auntie," kiming bati niya.

Nakangiting niluwagan nito ang bukas ng pinto. "Aba'y tuloy ka, anak. Kumusta ka na?" Tumingin ito sa orasan sa dingding. Mag-a-alas ocho pa lang noon at hula niya ay pumasok na sa trabaho ang pinsan niyang si Bianca. "Kumain ka na ba?"

Umiling si Arianne. "Hindi po kasi nagtagal sa stop-over 'yong bus namin kasi malakas ang ulan,"

aniya dito. Wala pa ring ipinagbago ang babae. Ganoon pa rin ang pakikitungo nito sa kanya kahit matagal na silang hindi nagkita. Nag-iisa lang kasi itong kapatid ng kanyang ama kaya marahil parang anak na rin ang turing nito sa kanya. Kung maalwan nga lang siguro ang buhay nito tulad nila noon ay baka hindi siya nalubog sa pagkakautang sa mga kapatid ng kanyang ina.

Malugod siya nitong inanyayahan sa komedor at pinaghanda ng pagkain. Hindi ito magkandatuto sa pagkukuwento sa kanya tungkol sa mga anak nito. May mga asawa na ang apat doon at tanging ang bunso na lang na si Bianca ang wala. Umiwas siyang mapadako sa kanya ang usapan dahil ayaw niyang mahaluan ng lungkot ang pagkikitang iyon.

"Mabuti pumayag ang boyfriend mo na dito ka sa Maynila magtrabaho."

Nabitin ang gagawin niyang pagsubo sa tanong na iyon. "Wala po akong boyfriend, Auntie. Wala po akong panahon d'on."

"Ows? Naku, eh 'wag kayong magpaligsahan ni Bianca ko. Napakapihikan din ng babaeng iyon."

"Bata pa naman po kami, Auntie. Hindi namin kailangang magmadali," sagot ni Arianne.

Nagkibit ito. "'Sabagay. Eh, ano ba ang natapos mo, hija? May hiring yata sa pinagtatrabahuhan ni Bianca. Baka puwede ka niyang irekomenda."

Namilog ang mga mata niya. "Talaga ho? Tapos po ako ng second year ng pre-Med. Pero computer literate naman po ako saka dalawa na rin po 'yong naging trabaho ko noon sa probinsya."

Napatangu-tango ito. "Sige, mamaya pag-uwi ni Bianca, sabihin natin sa kanya. Wala kasi akong cellphone dito. Hindi rin naman ako marunong gumamit noon, eh. Sa ngayon ay magpahinga ka na lang muna. Naku, siguradong matutuwa ang pinsan mo pag nagkita uli kayo."

Napangiti na lang si Arianne. Sabik na rin siyang makita at makakuwentuhan ang pinsan.

NAKASIMANGOT na Bianca ang bumungad sa kanila nang gabing iyon. Nagmano lang ito sa ina at pahinamad na naupo sa silyang rattan saka itinaas ang paa sa table. Pabalibag pa nitong inihagis sa tabi ang dalang bag.

"Bakit ba, anak?" usisa ng inang si Betty.

"Hay naku, Ma. 'Yung boss kong guwapo,

sinungitan ba naman ako. Tama naman 'yong procedure na ginawa ko sa pag-process ng papel ng aplikante kanina. Bakit daw hindi ko muna pinadaan sa office niya? Kasalanan ko ba eh sobrang busy siya kanina. Sigurado din namang hindi niya tatanggapin 'yon dahil mababa ang nakuha sa exam," pakumpas-kumpas pa ang kamay na litanya ni Bianca. "Hmp! Ewan ko ba d'on at mukhang interesado yata sa aplikante kanina. Hindi naman maganda. Pag ako nainis, ihahanap ko na lang siya ng kapangalan ni—" Napatayo ito nang mapansin siyang tahimik lang na nakatayo sa may hagdan. "Arianne?!"

Ngumiti siya. "Hello."

"Arianne, ikaw nga!" Halos mabasag ang eardrum nila ng Auntie Betty niya nang tumili ang babae. Sinugod siya nito ng yakap. "Kumusta ka na? Kailan ka pa dito? Ang daya mo naman bihira kang mag-reply sa text ko," anito nang kumalas sa kanya.

"Kanina lang ako dumating. Kumusta ka na?"

Namaywang ito. "Eto, madaldal pa rin. Ikaw? May asawa ka na ba?"

Umiling siya. "Naku wala pa. Boyfriend nga wala, eh."

Sumabad si Auntie Betty. "Teka, maghahain lang

ako ng hapunan. Mas magandang magkuwentuhan kapag may laman ang tiyan."

"Kami na lang po," panabay pa nilang sabi ni Bianca. Nagkatawanan sila.

Hinila siya sa braso ng pinsan. "Naku, marami akong ikukuwento sa 'yo mamaya," anito saka iginiya siya papuntang kusina. Iiling-iling lang na sinundan sila ng tingin ng tiyahin.

Nang malaman agad ni Bianca na naghahanap siya ng trabaho ay agad nitong inirekomenda ang kompanyang pinapasukan. Forwarding company daw iyon at okay naman magpasuweldo kahit madalas ang overtime.

Gayunman ay nag-alangan si Arianne. "Tatanggapin ba ako d'on kahit undergrad ako?"

"Bakit related din ba sa course mo 'yong mga naging trabaho mo sa probinsya? Hindi naman, di ba?" Uminom ito ng tubig. "Saka alam kong matalino ka, pinsan. Mana ka yata kay Tito Andro. Di ba, Ma?" bumaling ito sa ina.

Tumango ang tiyahin. "Siyempre naman lahi namin iyon. Ewan ko ba at konti lang ang namana nitong si Bianca," tudyo nito sa anak. Sumimangot kunwari ang huli pagkuwa'y sabi, "and come to

think of it. Siguro naman ay di na magsusungit 'yong boss ko kapag nagkaroon uli ng bagong aplikante na 'Arianne' ang pangalan." Lumiwanag ang mukha nito.

Siya naman ang kumunot. "Bakit?"

Kibit lang ang sagot ng chubby niyang pinsan saka muling isinubo ang kutsarang punung-puno ng kanin. "Ay, ayoko nang maalala ang kasungitan n'on kanina. Sayang, crush ko pa naman siya. Kung di lang guwapo iyon, matagal na akong nag-resign. Lagi kasing nagri-require ng overtime. Sabagay, dagdag-suweldo rin naman. Kaso kailan pa kaya ako makakahanap ng papa pag laging gan'on?" Bumuntong-hininga ito. "Ikaw, Arianne, siguradong may dumugo ang puso n'ong umalis ka sa inyo."

Natawa siya sa term na ginamit nito. "Wala 'no. Wala akong panahon sa kanila. Ang iniisip ko lang noon ay kung paano magbayad ng utang." Ikinubli niya ang lungkot sa pamamagitan ng pagsubo. Nagkatinginan ang mag-ina.

"Eto naman. Ilang milyon ba naman kasi ang naging utang ninyo at pati yata mga anak mo, sisingilin pa nila?" Idinaan nito sa biro ang tanong. Nagkibit lang siya. "Hayaan mo, bukas na bukas din ay isa-submit ko ang résumé mo," pangako ni

Bianca. “Magri-resign na yata sa isang linggo ‘yong receptionist namin, baka puwedeng ikaw na lang ang pumalit.”

Nakahinga nang maluwag ang dalaga roon.

# 2

Tulad ng mga nagdaang araw, abala na naman si Nico sa pagtatrabaho sa kanyang opisina. Six days a week, eight to twelve hours a day ang ginugugol niyang panahon sa kanyang trabaho nitong nakalipas na halos dalawang taon. Sino ba ang mag-aakala na ang isang dating hamak na janitor ay makakapagpatakbo ng ngayon ay isa sa mga leading courier companies ng bansa?

Anim na taon na ang nakalipas mula nang tumigil siya sa pakikipagsapalaran. Pinlano na niyang bumalik na lang sa probinsya upang makalimutan ang pait na idinulot sa kanya ng Maynila. Tutal, umuwi na rin ang pamilya ng Ate Paula niya upang doon na manirahan. Hindi rin naging maganda para sa mga ito ang kapalaran sa lungsod. Pero nagbago ang lahat nang lumubog ang barkong sinasakyan niya pauwi ng Masbate. Wala na rin siyang ganang mabuhay noon kaya ninais na niyang sumama na lang sana sa papalubog na barko, pero namataan niya ang isang batang umiiyak na pilit iniaabot sa kanya ng isa pang babae. Litong kinuha niya iyon at nang matantong lulubog na ang barko, hindi na siya nagdalawang-isip na tumalon para sa kaligtasan nila

ng bata.

Tuwang-tuwa ang mag-asawang Chua nang makaligtas ang anak. Napag-alaman niyang naiwan sa yaya ang bata dahil may mga kausap na business associates ang mag-asawang Chua nang mangyari ang sakuna. Inalok siya ng mga ito ng malaking pabuya na magalang niyang tinanggihan. Pero mapilit ang mga ito, lalo na at nalaman ang tunay na estado ng buhay niya. Inalok siya ng scholarship na malugod niyang tinanggap. The memory of Arianne and their love story made him accept it.

*"Arianne, please kausapin mo naman ako, o," pakiusap niya sa nobyang halatang iniiwasan siya. Bagay na ikinatatakot niya. Ilang araw na niya itong inaabangan sa eskwelahan, pero tuwina ay may sumusundo rito o kaya ay hindi ito nawawalan ng kasamang kaibigan. Ngayon nga ay nakatagpo siya ng pagkakataon nang makitang galing ito sa rest room.*

*Napatingin sa braso nitong hawak niya ang dalaga. She swallowed hard. "Tigilan mo na 'ko, Nico. It's over. Wala na tayong dapat pag-usapan pa." Iginala nito ang mata sa paligid na para bang may hinahanap. "Kalimutan mo na 'ko," anitong pilit pinatatag ang tinig.*

*Pinigilan niya ang pagtalikod nito. He hugged her. "Di ko kayang mawala ka, Arianne. Sabihin mo kung ano ang gusto mo, gagawin ko. 'Wag ka lang mawala sa 'kin," desperadong sabi ni Nico. Wala na siyang pakialam kung pagtinginan man sila ng mga taong nasa paligid nila.*

*Nagpumiglas ang dalaga. Nagulat siya nang muling pagharap nito ay isang sampal ang pinakawalan sa pisngi niya.*

*"Gumising ka na sa katotohanan, Nico. Hindi ako para sa 'yo. Tama si Mommy, hindi kita dapat pinaasa. Bata pa ako, marami pa akong makikilala. Someone who's… " she paused. "Someone who's, I'm sure, better than you."*

*"Hindi mo alam ang sinasabi mo." God, how he wanted to cry. Bawat salitang binibitawan nito sa harap niya ay tila punyal na tumatarak sa kanyang pagkatao.*

*"Of course I do. I perfectly do, Nico," ani Arianne. "Ayan na ang sundo ko. B-bumalik ka na sa trabaho mo." Hindi na nito hinintay ang sagot niya basta nagmamadali na itong tumalikod. Patakbo itong lumayo sa kanya, leaving him with a bleeding heart.*

*"Kawawa naman…" naulinigan niyang komento*

*ng isang estudyante sa kasama nito. Nasa di-kalayuan ang dalawa at siguradong nasaksihan ng mga ito ang nangyari sa kanila ni Arianne. "Ambisyoso kasi. Janitor lang, manliligaw sa di niya ka-level."*

*Napatiim-bagang si Nico.*

Tunog ng intercom ang nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan.

"Sir, remind lang kita sa meeting mo with Mr. Gonzales at 9:30. Lunch date with Atty. Nareg at 12 and appointment with Mr. Sta. Maria at 3 o' clock," anang sekretarya niya sa kabilang linya.

"Got it," maikling sagot niya saka itinuloy ang ginagawa. Kung anong bilis ng oras ng trabaho sa kanya, siya namang bagal ng usad ng lovelife niya. Sa isiping iyon ay natigilan siya sa ginagawa. Para saan nga ba ang mga pagsisikap niya na iyon kung wala siyang pamilyang maituturing?

Napabuntong-hiningang sumandal si Nico sa kanyang swivel chair. Pinagsalikop niya ang mga palad sa likod ng ulo. Pag-angat niya nang mukha ay namataan niya ang larawan ng kanyang mentor at kaibigang si Henry Chua. Napangiti siya. Kung hindi siya pinag-aral ng lalaki at tinanggap ang serbisyo niya sa *Excell Forwarders* ay hindi niya mararating

ang kinalalagyan. Ito ang nagturo sa kanya ng pasikut-sikot sa negosyong iyon. He started working as a janitor tuwing may free time siya sa klase, then a messenger, then a clerk and now, eighty-five ang pag-aari niyang shares ng kumpanya. Four years ago, Henry Chua suffered a heart attack at nang mamatay ito, nagpasya nang manirahan sa China si Carmela Chua at ang anak nitong si Nancy. Sa kanya ipinagkatiwala ng babae ang noon ay papalugi nang business. He had managed to save it from the brink of bankruptcy.

Akmang itutuloy na niya ang ginagawa nang muling tumunog ang telepono. Private line niya iyon at kabilin-bilinan niya sa sekretarya na tanging mga personal at important calls lang ang dapat nitong i-transfer doon.

"Brod, tinatanong ni Pang kung hindi ka daw ba talaga uuwi this weekend." Tinig iyon ng kanyang Ate Paula. Tulad niya ay malaki na rin ang ipinagbago ng babae. Sa tulong niya ay nagkaroon ito ng perfume and cosmetics store sa isang mall sa Las Piñas. Nang medyo umangat kasi ang kalagayan niya ay hinimok niya ang babae na bumalik muli ng Maynila at magnegosyo na lang.

"Sis, try ko ha. Marami kasing darating na

shipment this weekend. Bibisitahin ko pa ang isang bagong bukas na warehouse I don't think—"

Napalatak ang babae. "Kaya hindi ka nag-aasawa eh. Hindi ba puwedeng sa mga tauhan mo na lang ipagawa iyon?" kontra nito.

"Nope. Kailangang hands-on sa business. Tawagan ko na lang sina Pang."

Umungol ang babae na parang di pa rin kumbinsido sa dahilan niya. "Bahala ka nga." Iyon lang at tinapos na nito ang tawag. Alam niyang nagtatampo ito. Tulad din ng ibang kapatid niya at maging mga magulang nila. Sino ba naman kasi ang mawiwiling umuwi kung bawat taong nakikita niya sa probinsya ay kinakatkatan siya ng tanong kung bakit hindi pa siya nag-aasawa? Twenty-eight na siya sa susunod na buwan at ni girlfriend ay wala siya. Niloloko nga siya ng mga kapatid niya na noon ay pawang may mga asawa na lahat. Siya ang panganay na lalaki and yet, nauna pang magsipag-asawa ang apat na sumunod sa kanya.

Natigil ang kanyang pagmumuni-muni nang kumatok ang isa niyang empleyado. "Sir, eto po 'yong mga nag-submit ng résumé for today. One was referred by Miss Bianca Lopez," anitong inilatag sa table niya ang folder na naglalaman ng mga CV.

Sinulyapan niya lang iyon. “Wilma, please take care of it for me.” Gumuhit ang pagtataka sa mukha ng kaharap. Kahapon kasi ay ibinilin niya na idaan sa office niya ang mga résumé ng bagong aplikante nila. May aplikante kasi na ang pangalan ay Arianne Mendoza at umaasa siya na ito na ang babaeng hinahanap niya. Napagalitan niya pa ang isang empleyada dahil sa kaistupiduhan na iyon. Only to find out na iba pala ang Arianne na iyon.

*Kapangalan lang…*

“Okay, Sir,” anang babae saka walang kibong kinuha muli ang folder sa table niya.

*NJ FORWARDERS*. Nakahinga nang maluwag si Arianne nang matanaw ang karatulang iyon. Napatingin siya sa kanyang relo. Past 9:00 na pala. 9:30 ang schedule ng exam niya! Chineck niya ang suot. Simpleng black slacks at white top na pinatungan ng blazer ang suot niya para sa interview at exam na iyon. Suot ang high heels na ipinahiram ng pinsan, mabilis siyang naglakad palapit sa guard na nakabantay sa bukana ng building. Magalang naman nitong itinuro ang direksyon ng HRD. Sumakay siya ng elevator papunta sa ikatlong palapag ng gusali. Panay ang text niya sa pinsan para sabihing hintayin

siya nito.

When the elevator door opened, she hurried her way out. Muntik pa silang magkabanggaan ng lalaking nakasalubong niya but he was polite enough to say, 'Sorry, Miss' without even looking at her. Tulad niya kanina ay nasa screen ng cellphone na hawak ang tingin nito at parang nagmamadaling pumasok sa elevator. Nag-sorry din siya at tiningnan ito. Biglang kumabog ang dibdib niya nang sandaling matitigan ang lalaki. Minus the formal suit, kilala niya ang pigurang iyon. Napakurap-kurap siya.

*Nico?!*

But she never had the chance to prove her claim. Kagyat na nagsara ang elevator.

"Hey, Arianne!"

Nabosesan niya ang papalapit na pinsan. Hindi siya kumibo. Ang isip ay nasa lalaking muntik nang makabungguan kanina. It was real—the voice, the face, the feeling. Parang si Nico talaga ang nakita niya!

Ipinitik-pitik ni Bianca ang daliri sa harap ng mukha niya as if trying to wake her up from a dream. Nanatili kasi ang mga mata niya sa nakasarang elevator. "Are you okay?"

Humarap siya rito. Sunud-sunod ang ginawa niyang pagtango. "Y-yeah. I'm okay." Nagawa na niyang ngumiti rito.

"You look pale. May nakausog ba sa 'yo?" alalang tanong ni Bianca na sinalat pa ang isang tainga niya.

Natatawang pinalis ni Arianne ang kamay nito. "Okay nga lang ako. Tara na," yaya niya rito. Parang noon lang din naalala ni Bianca ang sadya niya roon. Iginiya siya nito sa pasilyo papunta sa HRD. Ngunit bago makalayo roon ay muling nilingon ng dalaga ang nakasarang elevator.

IMPRESSIVE ang resulta ng exam ng dalaga. Agad siyang in-interview pagkatapos at sinabihang tatawagan na lang for confirmation ng kanyang appointment. Dahil lunch time na siya nang matapos, niyaya siya ng pinsan na mag-lunch na lang din sa canteen ng building. Pumayag ang dalaga dahil kapag sa bahay pa siya kumain, tiyak na magugutom siya. Besides, may kung anong nag-uudyok sa kanya na magtagal pa sa lugar na iyon.

They were on their way to the canteen nang muli, pamilyar na kaba ang bumundol sa kanya. May isang pamilyar na lalaki kasi na nakatalikod

sa may pinto at bigla ay natukso siya na lapitan ito para matitigan niyang mabuti ang nagmamay-ari ng bultong iyon.

"Hey, nakikinig ka ba, Arianne?" pukaw ni Bianca nang mapansing natigilan siya. Noon naman parang slow motion na lumingon ang lalaki.

Napakapit si Arianne sa braso ng pinsan. Pakiramdam niya at hihimatayin siya nang sandaling iyon. Ang lalaki kasing nasa kanyang harapan ay walang iba kundi si Nico.

KAHIT NA hectic ang schedule, madalas bumaba si Nico para mag-lunch sa kantina ng kompanya. Ginagamit niya ang sandaling ito para maka-bonding naman ang mga empleyado na kanyang nasasakupan. Sa paraan kasi na iyon, nagiging at ease sa kanya ang mga tauhan kapag pinasasabay niya ang ilan sa mga ito na saluhan siya sa pagkain. Chance na rin niya ito para marinig ang mga reklamo o hinaing—kung mayroon man—sa pamamalakad niya. Isa pa, gusto niyang manatiling humble kahit napaka-successful na niyang tao.

Dala ang laptop na tuwina ay parang kakambal na niya, naghintay siyang i-serve ang kanyang order.

He was about to turn on the computer nang marinig niya ang pangalang binanggit ng isang empleyada. May kung anong kabog siyang nararamdaman sa dibdib sa tuwing naririnig niya ang pangalang iyon. Napalingon siya.

"Arianne?" he almost whispered. Suddenly, parang dumagundong ang kanyang dibdib sa lakas ng kabog nito nang matingala ang babaeng parang tuod na nakatayo sa kanyang harapan. Napatayo rin siya. Parang commercial ng toothpaste na biglang natigil ang lahat ng tao sa paligid.

NAPAPANTASTISKUHANG nagpalipat-lipat ang tingin ni Bianca sa kanila ni Nico. "Magkakilala ba kayo ni Sir Nic?" bulong nito.

"H-ha?" Si Arianne. Hindi niya magawang alisin ang tingin sa lalaking kaharap. Hindi ba siya nananaginip lang?

"Arianne." Bianca nudged her.

Napilitan ang dalaga na alisin ang tingin sa kaharap na noon ay mataman din siyang pinagmamasdan. Six years and yet the magic between them remained.

"A-ano'ng sinasabi mo?"

Umikot ang mga mata ni Bianca. "Tinatanong ko po kung—"

Tumikhim ang binata. "Yes, we do know each other, Miss Lopez," salo nito saka inilahad ang palad sa kanya. "Arianne…"

Hindi pa rin siya makakilos. She was still enthralled by the moment. Ipinikit niya ang mga mata sa isiping namamalikmata lang siya. One, two, three… And yet, when she opened her eyes, they were still in the same place with the same crowd. Nakatayo pa rin sa harap niya si Nico, nakalahad ang palad na gustong makipagkamay sa kanya. Muli siyang siniko ni Bianca.

Kusang ginagap ni Nico ang palad niya, gave it a tight squeeze. Narinig niya ang waring pagbulong nito sa pangalan niya. She met his gaze and… was she imagining things when she saw him teary-eyed?

Tikhim ni Bianca ang waring nagpagising sa kanila.

Noon naman dumating ang order na hinihintay ng binata. "Girls, please join me. This calls for a celebration," kaswal na sabi nito saka ipinaghila sila ng upuan.

Parang noon lang naramdaman ni Arianne ang pangangatog ng tuhod. Alam niyang hindi simpleng ngawit iyon sa medyo matagal na pagkakatayo niya.

"Io-order na lang kita," prisinta ng pinsan ngunit sa nanunudyong mga mata, saka mabilis na iniwan silang dalawa sa table.

"Kumusta ka na?" simula ni Nico.

Tila matutunaw si Arianne sa paraan ng pagtitig sa kanya ng dating nobyo. She faked a smile. "F-fine. And you?"

"Much better now," anitong nakatitig sa mga mata niya.

Napalunok siya. *Please, Bianca bumalik ka na…* Napayuko siya. Nang mahagip ng mata ang isang basong puno ng yelo ay binuhusan niya iyon ng tubig sa pitsel saka itinungga. Huli na nang ma-realize niyang inihain pala iyon kanina ng waiter para sa binata. But could he blame her? Pakiramdam niya nang mga sandaling iyon ay natutunaw na siya sa klase ng pagtitig ng kaharap.

Tumikhim ang lalaki. "M-may… May asawa ka na ba?" muling tanong nito.

"Ay naku, Sir. Dalagang-dalaga ang pinsan ko. As

in never been kissed, never been touched!" matabil ang dilang sabi ni Bianca na noon ay hindi nila namalayang bumalik na sa table nila. Pinandilatan ni Arianne ng mata ang babae nang ipatong nito ang tray ng pagkain sa mesa.

Sinulyapan lang ito sandali ni Nico saka muling ibinalik ang tingin sa kanya. "As in… never?" nanunudyo ang mga mata na paniniguro nito.

""W-wag ho kayong maniwala sa pinsan ko, Sir. She's just exaggerating things." Nilangkapan niya ng pormalidad ang tono.

Nabanaag niya ang disgusto sa mukha ng kaharap sa tinuran niya. "You're not one of my subordinates. I'd prefer you call me by first name, Arianne. Just like the old days," makahulugang sabi nito na pinagdiinan pa ang pagkabanggit sa pangalan niya.

"Maybe not now, but soon I'll be." Napatungo siya at sinimulan ang pagkain.

Napakunot si Nico.

"Katatapos lang po ng exam at interview ni Arianne kanina kay Ma'am Mitchie, Sir. S'abi niya, qualified ang pinsan ko."

Napatangu-tango si Nico. “Then, you’re hired.”

Natigil ang dalaga sa gagawing pagsubo. Awang ang labi na napatitig siya sa binata—sa mga matang akala niya ay hindi na niya muling masisilayan pa.

“You can start your work tomorrow as my personal secretary.”

“Ho?!” panabay pa nilang turan ni Bianca.

# 3

Hindi na matandaan ni Arianne kung paano natapos ang pagkikitang iyon. Basta ang alam niya, parang nakalutang siya sa hangin habang papauwi ng bahay. Wala pa ring ipinagbago ang Nico na kilala niya. Malumanay pa rin itong magsalita, humble pa rin. Halatang gusto siya nitong ihatid pauwi kanina, dangan nga lang at sunud-sunod ang natatanggap nitong tawag hindi pa man sila natatapos mag-lunch. Gusto sanang manghinayang ng dalaga doon, ngunit ipinagpasalamat na rin niya ang sitwasyon dahil hindi pa siya nakaka-recover sa pagkabigla sa pagkikita na iyon. Hindi pa siya handa sa anumang komprontasyon na puwedeng maganap sa pagitan nila.

Panay ang tudyo sa kanya ni Bianca nang makauwi ito ng bahay. Pilit siya nitong ginising kahit nagtulug-tulugan siya sa kuwarto. Inulan siya nito ng tanong ngunit inilihim niya ang tungkol sa kanila ni Nico. Ang sinabi niya ay masugid niyang manliligaw dati ang lalaki na inayawan ng mommy niya noon dahil mahirap lamang ito. Ayaw maniwala ni Bianca na hindi naging malalim ang relasyon nila ng binata base daw sa klase ng titigan nila kanina.

Ipinagkibit niya lang iyon ng balikat. Napag-alaman niyang hanggang sa kasalukuyan ay wala pa ring asawa ang lalaki.

"Hindi kaya ikaw ang hinihintay ni Sir Nic, pinsan?" thrilled na komento ni Bianca. Niyakap pa nito ang unan na nasa kandungan.

Hindi niya ipinahalata ang katuwaan sa narinig. "Nag-i-imagine ka lang. Malay mo naman kung may girlfriend na 'yong tao." *Sana wala pa…*

Parang napaisip ang kaharap. Kinabahan naman siya roon. "Bihira namang may makita ako na pumupunta sa office niya. Saka wala naman yata siyang constant date."

*Yata?* Parang gustong magreklamo ng puso ni Arianne. Kunwa'y pinagpag niya ang unan. "See? Bihira na sa lalaki ang unattached sa ganoong edad. He's maybe single but definitely attached. Baka nga may ka-live in na 'yon o ano," tila may bikig sa lalamunan na aniya.

"Sabagay." Humiga ang pinsan sa kama. "Pero alam mo, bagay kayo ni Sir Nic."

Hinagilap niya muna ang switch ng ilaw bago nahiga sa tabi nito. "Bagay kaming mag-amo." She yawned. "Tulog na tayo. Goodnight." Tumalikod

siya sa katabi.

"Pustahan tayo, manliligaw uli sa 'yo 'yon," hirit nito.

*Magdilang-anghel ka sana*, nais niya sanang isagot pero minabuting manahimik na lang.

"Ako ang maid of honor pag nangyari 'yon, ha," pangungulit ng katabi. Umungol lang siya bilang sagot.

MAAGA PA nang marating nila ang pinagtatrabahuhan kaya naman nagulat si Arianne nang mapag-alamang nasa opisina na nito si Nico at hinihintay siya ayon sa dating sekretarya nito. Nakailang inhale-exhale muna siya bago niya nagawang kumatok sa pinto. She shouldn't expect anything romantic about this meeting, pero hindi niya maiwasang umasa.

"Come in, Arianne."

Upon hearing his voice, bigla na naman ang pagtalon ng puso niya. She composed herself bago pinihit ang doorknob. "G-good morning, Sir."

A scrutinizing look was his answer. Biglang na-conscious ang dalaga. Well, her makeup just

accentuated her natural beauty, she was quite sure of that. Pero ganoon kaya ang impresyon ng kaharap?

Napatikhim ang binata. "Please have a seat." He tried to look away from her at itutok ang mata sa ginagawa. "Si Miss Vallejo ang magte-train sa 'yo. Nag-meet na ba kayo?" pormal na sabi nito.

Umupo ang dalaga sa silyang nasa harap ng table nito. "Yes, Sir. Siya po 'yong nasa labas, di ba?" tukoy niya sa babaeng naabutan niya sa labas kanina.

Tumango ang binata. "Io-orient ka muna niya sa mga gagawin mo bago ka magsimula," anitong sa laptop na naman nakatuon ang pansin.

Gustong mapasimangot ng dalaga. Talaga bang ganito ka-busy ang lalaking ito na hindi man lang makatingin nang derechahan sa kausap? But come to think of it, kaya niya bang salubungin ang tila nang-aarok nitong tingin?

*Guess not*, agarang sagot ng utak niya.

Dahil sa pagkakayukong iyon ng binata ay malaya niyang napagmasdan ang kabuuan nito. Tingin niya ay lalo itong gumuwapo. Ang dating patpating pangangatawan nito ay nagkaroon na ng laman. Kahit naman kasi hindi mag-gym ang binata

ay alam niyang sanay ito sa mabibigat na trabaho na nagsisilbi na ring exercise nito. Ang kaibahan nga lang ngayon ay alam niyang mas nabibili na nito ang mga gusto sa pagkain at vitamins. Now, kung noon na payatot at janitor pa lang ito, marami na ang nagkainteres, paano pa ngayon na may sinabi na ito sa buhay? She was stricken by the thought. Siguro ay nagbibilang na ito ng girlfriends ngayon. Worse, baka engaged na ito at naghihintay na lang ng araw ng kasal. Nanlumo si Arianne sa naisip. He was her first, she also intended him to be the last man in her life. Pero paano pa magkakaroon ng katuparan iyon?

Waring narinig ang piping himutok niya, biglang nagtaas ng tingin ang binata. Napapahiyang nagbaba siya ng tingin. Pero bago niya nagawa iyon ay nahuli niya ang pagngiti ng binata. That boyish smile. How she missed that…

Sumandal sa executive chair ang binata saka tiningnan siya. "Do you mind if I ask why you didn't finish college?" seryosong tanong nito.

Napilitan siyang tumingin uli sa kaharap. "Financial problem, Sir. My mom—"

"Drop the formalities kapag tayong dalawa lang dito sa office. Okay?"

Napatango siya. “My mother suffered from breast cancer five years ago. She died a year later.”

Lumarawan ang pagkagulat sa binata. “I see…” mahinang sabi nito. Lumambot ang ekspresyon ng mukha nito. “And now you’re living with Bianca’s family? You sold the house in Sampaloc?” Pinagsalikop nito ang mga palad sa ibabaw ng table.

“Yeah. Nag-iisang kapatid ni Daddy ang mama niya,” aniyang nagtataka kung paanong nalaman ng binata ang tungkol sa bagay na iyon.

*“Please tell Nico that I am sorry…”*

Biglang naalala niya ang huling sinabi ng ina. Isinatinig niya iyon. “My mother wants to tell you that… she’s sorry.” Ibinaba niya ang tingin. Ayaw niya kasing makita ang reaksyon ng kaharap sa huling sinabi niya. Patlang.

Napatiim-bagang si Nico sa sinabi ng dalaga.

*Well, she really should be…*

Myrna Mendoza was the only person who scorned him to death. Masyado ang panlalait na naranasan niya rito. Hindi kasi siya agad sumuko sa paghahanap kay Arianne. There was one time na sa paghahanap niya sa bagong bahay na nilipatan

ng dalaga ay ito ang nakaharap niya. Ininsulto muli nito ang kanyang pagkatao. Tinakot pa siya nitong ipapahabol sa mga alagang aso kapag nagpumilit. Para bang dahil janitor lang siya ay wala na siyang karapatang magmahal at mahalin ng katulad ni Arianne.

Marahang katok ang pumutol sa katahimikan sa pagitan nila. Napatayo si Nico nang makita ang panauhin.

"Eliza!" halatang tuwang-tuwang sabi nito saka sinalubong ng yakap ang babaeng dumating.

Hindi naman nakahuma si Arianne sa eksenang iyon lalo't humalik pa ang bisita sa magkabilang pisngi ni Nico.

"I missed you! Ang daya mo ha, bakit hindi mo sinasagot ang text ko?" sumbat ng babaeng tantiya niya ay nasa early twenties ang edad. Morena ito at medyo tsinita ang mga mata.

"Sorry, dear. Sobrang busy lang po talaga. Kailan ka dumating?" tanong ni Nico na inakbayan pa ang babae.

"As if susunduin mo naman daw ako kapag sinabi kong darating ako." The girl rolled her eyeballs. Pero malambing na inihilig ang ulo nito sa balikat

ng binata.

Bantulot na tumayo si Arianne. Hindi naman siya manhid para maramdaman na kalabisan ang presensya niya sa dalawa. Hindi rin siya manhid para maramdaman ang mga pinong karayom na tumutusok sa dibdib niya. She hated the feeling, pero nagseselos siya sa babaeng kausap ni Nico!

"Excuse me, Sir. I'm going back to my desk," tanging nasabi niya na nagyuko ng ulo. Pakiramdam niya ay naging aktibo ang tearducts niya nang mga sandaling iyon.

Parang noon lang siya naalala ni Nico. Binalingan siya nito. "Ah... Arianne, I'd like you to meet Eliza...." huminto muna si Nico at pinisil ang balikat ng katabi bago nagpatuloy, "my fiancée."

Narinig ng dalaga ang tahimik na pag-aray ng subconscious mind niya. Napilitan siyang tumingin sa binata saka ngumiti sa bisita nito. "H-hello. Pleased to meet you, Ma'am," mahinang sabi niya saka nag-iwas ng tingin. Gusto niyang kastiguhin ang sarili dahil parang may gustong malaglag sa mga mata niya. She cleared her throat. "Lalabas na po muna ako, Sir. Excuse me."

Hindi na niya hinintay ang sagot ng binata saka

nagmamadaling nilisan ang opisina nito. She felt as if she needed some air. Hindi niya tuloy nakita ang pagkurot ng babae sa tagiliran ni Nico.

"SALBAHE KA, Kuya! Bakit mo sinabi iyon?" kompronta ni Eliza sa kanya.

Hindi iyon pinansin ni Nico bagkus ay hindi inaalis ang tingin sa pintuang nilabasan ni Arianne. "Do you think she's jealous?" tanong niya sa kapatid.

Napahalukipkip ang dalaga. "Hah! So you're using me to torture the girl? Napa-cruel mo naman, Kuya. Kailan mo pa naging hobby na i-assess kung may crush ba sa 'yo ang sekretarya mo o wala?" nang-aasar na tanong nito.

"Ngayon lang," natatawang pakli niya.

"Well, okay lang naman siya. She's really pretty." Hinarap siya ng babae. "So, does that mean na finally after long years, kakalimutan mo na iyong ex mo na nang-iwan sa 'yo noon?"

Misteryosong ngiti ang pinakawalan niya. "Yes and no."

Napasandal si Eliza sa kinauupuan. Parang biglang naimbiyerna sa kanya. "Shocks! Magulo ka

palang kausap eh. Ang tagal-tagal na noon, Kuya! Kung di nga lang kita kapatid, sasabihin kong mahina ka kasi babae lang, iniiyakan mo." Umingos ito.

Hinaplos ni Nico ang buhok ng kapatid. He remembered the incident. Ito at ang Ate Kat niya ang kasama niya noon sa bahay na tinutuluyan niya matapos ang huling pag-uusap nila ni Arianne. Nataon kasing magkasamang nagbakasyon ang dalawa sa Maynila at naabutan pa siya sa ganoong kalagayan. "Yes, dahil talagang hindi ko na papakawalan ang secretary ko and no because si Arianne ang sinasabi mong ex ko."

Napaalis ito sa pagkakasandal sa kinauupuan. "What?"

"My Arianne is back. Hindi ko lang alam kung may pag-asa pang maging kami uli. What do you think, sis?"

Nagkibit-balikat ito. "Kuya, kung talagang kayo ang nakatadhana, siguro naman there's no way para hindi kayo magkatuluyan, 'no? Ang guwapo yata mg kuya ko," pagmamalaki nito.

"Thanks." Pinisil niya ang palad ng dalaga.

PILIT ISINASAKSAK ni Arianne sa utak ang mga dini-discuss ni Miss Vallejo, pero sadyang lumilipad yata ang kamalayan niya. Ipinagpasalamat na lang niya na hindi siya napilit ni Bianca na kapalan ang makeup kung hindi ay mamomroblema siya kung paano ibabalik iyon. Naghilamos kasi siya para hindi mahalata ng mga kasamahan ang ginawa niyang pag-iyak sa CR. Nang hatidan niya ng meryienda si Nico at ang bisita nito ay naabutan niyang masayang nagkukuwentuhan ang dalawa. Lalo tuloy nagkukot ang kalooban niya. Busy si Nico kaninang kausap siya pero pagdating sa babaeng iyon ay buong-buo ang oras nito. *She must be really special.* Muli ang pag-antak ng kanyang damdamin. Ganoon din kasi noon si Nico sa kanya. Ipagpapalit nito ang mahahalagang okasyon para lang makasama siya.

Naputol sa pagsasalita si Irma nang lumabas si Eliza kasama si Nico. Nakaakbay pa ang binata sa babae. Nagkunwa na lang siyang inaabot ang nahulog na ballpen sa ibaba ng table para huwag tingnan ang dalawa. Dinig niya ang pagpapaalam ni Eliza sa kanila.

"It was nice meeting you, Arianne. 'Bye."

Napatuwid siya ng upo. Bahagyang tango lang ang naisagot niya roon. She did not feel like

smiling at the moment. Para ngang magkakasakit pa siya. Napabuntong-hiningang muli siyang nag-concentrate sa sinasabi ni Irma.

BEFORE LUNCH TIME ay muli siyang ipinatawag ni Nico. Bago kumatok sa pinto ay sinabi na niya sa sarili na tapos na ang ilusyon niya. Ngunit talagang makulit ang puso niya dahil pagkakita pa lang sa binata ay gusto na naman niyang mangarap na may part two pa ang love story nila. Ipinormal niya ang mukha upang itago ang lungkot sa mga mata.

Nang makaupo sa silyang nasa harap ng table ni Nico ay hindi agad nagsalita ang binata. Tahimik lang siyang pinagmasdan nito habang sa mga daliri ay nilalaro ang sign pen na hawak. Napailing si Arianne. Kung kanina ay hindi siya tinitingnan ng binata, ngayon naman ay parang kinakabisa nito ang kabuuan niya. Naaasiwa siya, pero bago pa niya usisain ang binata ay tumayo na ito.

“Do you have any idea kung ano ang gusto kong gawin sa ’yo kahapon pa?” anitong nakatalikod sa kanya. Nakatingin ito sa labas kung saan tanaw ang malaking bahagi ng Metro Manila. Nasa 6th floor kasi ang opisina nito.

Hindi siya nagsalita. Nang walang marinig na sagot ay humarap ito sa kanya. “Come here, Arianne,” utos nito.

She gave him a baffled look. Nang ilahad nito ang palad ay parang nahihipnotismong napasunod siya rito. Mabilis siyang hinila ng binata palapit dito and before she knew it, his arms were already encircling her. “Nico!”

“Shh… Just enjoy the moment, will you?” anas nitong hinaplos pa ang buhok niya. Ang isang kamay nito ay banayad na hinaplos ang likod niya. She could also hear his ragged breathing.

Napabuntong-hininga ang dalaga. How she wanted to stay like this in his arms forever… Nakakabingi ang kabog ng dibdib nilang dalawa nang mga sandaling iyon.

“I missed you. God, I missed you so much.” Si Nico. Inilayo nito sandali ang mukha sa kanya at tinitigan siya. Noon lang napansin ng dalaga ang bahagyang pangingitim ng gilid ng mga mata nito. Hindi ba ito nakatulog kagabi? Nahaplos niya iyon. Hinuli ng binata ang kamay niya and gave it a light kiss. She knew what was going to happen next, pero hindi niya iniiwas ang mukha rito. Napapikit siya nang sa wakas, hinagilap nito ang mga labi niya.

She responded to the kiss willingly. Parang dinugtungan niyon ang kahapon nilang dalawa. It was one long sweet kiss na ayaw sanang matapos ng dalaga pero biglang sumulpot sa isip niya ang nakangiting si Eliza. Napadilat siya at itinulak ang binata. Tumalikod siya. "Sir, I guess kailangan ko nang bumalik sa puwesto ko," ngatal ang tinig na sabi niya, pero bago pa naihakbang ang paa ay nahagip ni Nico ang braso niya.

"Not so fast, my dear." Muli siya nitong pinaharap. Pinilit niyang bawiin ang braso rito pero hindi siya pinayagan ng binata.

"I don't think kasama sa trabaho ng personal secretary ang magpahalik sa boss niya. So, kung wala ho tayong pag-uusapan, Mr. Fajardo, I have to go back to my post," gigil na sabi niya. How dare him kiss her gayong kagagaling lang doon ng girlfriend nito!

Sa halip sumagot ay niyakap siya ng binata. Hinalik-halikan din nito ang tuktok ng ulo niya. "What if ligawan ka ng boss mo? Magagalit ka ba?"

Nagpumiglas si Arianne. "Ayoko sa may sabit. At hindi ako nagtrabaho para maghanap ng boyfriend!"

Lalo siyang nainis nang marinig ang pagtawa

nito. “Eh kung walang girlfriend ang boss mo, sasagutin mo ba?”

Iniharang niya ang dalawang kamay sa pagitan nila. May katangkaran ang binata kaya tiningala niya ito. “Ano ito, sexual harassment?” natitilihang tanong niya pero sa sulok ng puso niya ay may bumabangong excitement upon that closeness. Napasinghap pa siya nang maamoy ang pabango ni Nico.

Muli siya nitong niyakap. “I love you, Arianne. Walang nagbago doon,” bulong nito ngunit malinaw na nakarating sa pandinig niya. Saglit siyang natigilan. Maniniwala na sana siya pero naalala na naman niya si Eliza. Pinaglalaruan ba siya ng binata?

Sa isiping iyon ay malakas niya itong itinulak. “Hindi ho ako nakikipagbiruan sa inyo. Better find another woman to play your game with. Hindi ko ho pinangarap na maging number two.” Iyon lang at nagmartsa siya paalis ng opisina pero bago pa niya narating ang pinto ay humarang doon si Nico.

Naitirik niya ang mata. Tila aliw na aliw pa naman si Nico na pagmasdan ang pagkainis niya at parang walang anuman na iginiya siya para maupo. “Are you jealous with Eliza?” tanong nito. Hinihila siya nitong maupo sa tabi nito pero nagmatigas siya

sa pagkakatayo. Napatili tuloy siya nang hilahin ng lalaki at mapaupo sa kandungan nito.

"I lied. She's my younger sister."

Mabilis ang ginawa niyang pagbaling sa binata. Niloloko ba siya nito?

"Marami kaming magkakapatid, di ba? Si Ate Paula lang ang nakita mo. I have two more sisters," paliwanag nito. Hindi siya nakapagsalita. Nanatili lang siyang nakatingin dito.

"Now, puwede na ba kita uling maging girlfriend? Say yes, please…" parang batang ungot nito. Hindi pa rin siya sumagot. Nalulon na yata niya ang kanyang dila.

"Is that a yes?" Nang wala pa ring makuhang sagot ay akma siya nitong yayakapin pero iniharang niya ang kamay.

"Wait—"

Tinakpan ni Nico ng hintuturo ang mga labi niya. "Shhh… Nasayang na ang anim na taon natin, Arianne. We should be catching up for the lost times rather than trying to hide our feelings." Napatitig siya rito. "Say you still love me, please…"

Biglang nanlabo ang mata niya. Siya na ang

kusang yumakap sa binata. "I'm sorry…" napaiyak na sabi niya sa balikat nito.

Niyakap siya nito. "Hindi iyan ang gusto kong marinig, Arianne."

Napapahiyang umalis siya sa pagkakayakap dito. Pinahid naman ni Nico ang mga luhang naglandas sa pisngi niya.

Hinawakan niya ang palad nito saka idinikit sa kaliwang pisngi. "I love you, Nico. Thank you at naghintay ka," nahihiyang sabi niya.

"You're welcome, honey," anito saka muling sinakop ang mga labi niya.

TUNOG NG CELLPHONE ang pumukaw sa kanila. Napaungol si Nico lalo na nang umayos siya ng upo para bigyang-daan ang pakikipag-usap nito sa telepono. Inis na io-off lang sana iyon ng binata pero natigilan nang makita ang pangalang nag-flash sa screen. Tumayo ito saka nag-hello sa kabilang linya.

Malaya namang pinagmasdan ni Arianne ang binata. Tingin niya ay mas lalong gumuwapo si Nico sa nakalipas na anim na taon. Hindi pala nasayang

ang anim na taon na ipinagkait niya ang sarili niya sa ibang lalaking nanligaw sa kanya. Napangiti siya.

"I missed that." Si Nico. Hindi niya namalayan na tapos na pala itong makipag-usap sa cellphone at ngayon ay nakalapit na sa kanya.

"Ang alin?" takang tanong niya.

Umupo ito sa tabi niya. "Ang pagngiti mo mag-isa. I have never met another woman who smiles alone like you do."

Napalabi siya. Inakbayan siya ng binata. "Arianne… my sweet Arianne… kailan mo ba ako pakakasalan?" anitong hinalik-halikan ang tuktok ng kanyang ulo.

"Ha?" Napaalis siya sa pagkakasandal dito. That soon?

Natawa ang binata sa reaksyon niya. "I know. I know. We don't have to rush things." Kinintalan nito ng halik ang mga labi niya saka tumayo. "I have a special meeting today. Gusto sana kitang isama but I know marami ka pang kailangang i-familiarize dito sa kumpanya."

Nagmamadaling kinuha nito ang amerikanang nakasabit sa likod ng swivel chair nito saka isinuot.

"See you later, honey." Hindi na nito hinintay ang sagot niya basta tumalikod na lang matapos muli siyang gawaran ng mabilis na halik sa labi. Walang nagawa ang dalaga kundi sundan ito ng tingin.

*MY SWEET ARIANNE, I just can't wait to see you again.*

Napangiti ang dalaga sa note na iyon. The card was unsigned, pero alam na alam niya kung kanino galing iyon. Wala pang isang oras na nawawala ang binata nang makatanggap siya ng pumpon ng bulaklak galing dito.

Tikhim sa likuran ang nagpalingon sa kanya. Huli na para itago niya ang mga bulaklak. "Naks naman. First day, meron na agad admirer ang pinsan ko, ah," tudyo ni Bianca.

"Para ito kay S-Sir Nic. Ni-receive ko lang," pagkakaila niya. Lihim niyang tinanggal ang note saka kunwa'y inilagay sa table ni Nico.

Napaangat ang kilay ng dalaga. "Don't tell me nagpaparamdam na naman si Tsinitang hilaw?"

Kumunot siya. "Sino 'yon?"

Lumapit si Bianca sa mga bulaklak saka nilaru-

laro ang ilang petals noon. “Part-owner at batang biyuda ng dating may-ari nitong kumpanya. Si Carmela Chua. ‘Lady Carmela’ ang tawag ng mga empleyado sa kanya. Lately, nadadalas ang uwi niya sa Pilipinas at kung anu-ano ang pinapadala kay Sir Nic.”

“Gan’on?” Hindi niya ipinahalata ang selos sa tinig.

“Naku, pinsan, tingin ko d’on, may gusto kay Sir Nic,” susog pa nito.

“Sobra ka naman. Malay mo kung friendly lang?”

Nagkibit ito. “O siya, kinumusta lang kita, babalik na ‘ko sa puwesto ko. Nas’an si Miss Vallejo?” tukoy nito kay Irma.

“Undertime daw siya ngayon kasi birthday ng nanay niya,” sagot niya.

“I see. Sige kita na lang tayo mamayang break ha,” paalam nito saka siya iniwan. Muling napatingin si Arianne sa mga bulaklak. Napalabi siya.

Lady Carmela? Ito kaya ang dahilan kung bakit narating ni Nico ang kinalalagyan nito ngayon?

# 4

Inip na muling sinulyapan ni Nico ang wristwatch. Mag-a-alas-dos na, pero hindi pa rin siya makatakas sa mga kasama. He was supposed to be in a formal meeting pero kanina pa natapos iyon at nagkukuwentuhan na lang ang lahat ng nasa table. At iyon ay dahil sa muling pagdating ng biyuda ni Henry Chua. Tinawagan siya kanina ng babae informing him of her arrival from Beijing at wala siyang nagawa kundi ang sunduin ito sa airport. Nang sa wakas ay matapos ang social gathering na iyon ay nagyaya na rin pauwi si Carmela sa tinutuluyang hotel. May mga kamag-anak ito sa Maynila pero mas pinili pang manuluyan sa hotel kapag nagbabakasyon doon.

"Hmm… Mukhang kanina ka pa tahimik, ah. May problema ba?" pansin ni Carmela. Ilang minuto na kasi ang nakakaraan ay nakatutok lang sa daan ang kanyang tingin.

"Nothing. May iniisip lang ako tungkol sa kumpanya." Saglit niya itong sinulyapan. At forty, banidosa pa rin sa katawan ang babae. Hindi rin miminsang napagkamalan silang may relasyon

nito dahil malimit silang magkasama kapag nasa Pilipinas ito pero sa tuwina ay pinabubulaanan niya iyon. Para sa kanya, kaibigan niya lang ang pamilya nito at ang pakikitungo niya sa babae ay bahagi ng pagtanaw niya ng utang na loob sa asawa nitong namayapa.

"You work too hard. Why don't you give yourself a break?" anitong humawak sa braso niya.

Marahan niya ring iniiwas ang braso rito. "I'm fine. Ayoko lang ma-disappoint sa 'kin si Boss," tukoy niya kay Henry Chua.

Umikot ang mata ng babae. "There you go again. You know, my daughter is always asking me, 'Where's Tito Nic's wife?'" kuwento nito sa walong taong gulang na anak.

Napangiti siya pagkaalala sa bata. He had always been very fond of kids. Iyon din ang naging dahilan ng biglaang suwerte sa buhay niya. "Kumusta na siya?"

"Oh, she's fine. She does well in school. She's a very witty young girl. One time, she even asked me to find her another dad." Binuntutan nito iyon ng maarteng tawa.

Napasong inalis niya ang tingin sa babae. May

laman na naman kasi ang sinasabi nito. Hindi lang miminsan na nagpapahaging sa kanya si Carmela, pero sadyang iniignora niya ang mga iyon. Hindi niya kasi mapilit ang sariling magmahal ng ibang babae kahit na hindi pa siya noon sigurado sa existence ni Arianne. Ngayon pa kaya na abot-kamay na niya ang babaeng pinakamamamahal?

"Oo nga naman. It's been four years. Kailangan din ni Nancy ng father figure," komento ni Nico bagaman nagsimulang naging uneasy sa takbo ng usapan nila.

Bumuntong-hininga kunwari ang babae. "I want someone who could love my daughter dearly. 'Yong parang gan'on sa tingin mo sa kanya."

"Marami namang gan'on. You just have to look around."

"Bakit hindi na lang kaya ikaw?"

Bigla siyang nasamid sa tinuran nito. Natawa ang babae at nagpatuloy, "You're so pathetic. Bakit ba hindi mo makita ang ibang babae sa paligid mo? Don't tell me hanggang ngayon you still care for that…." napaisip ito, "What's her name again?" ipinitik-pitik nito ang daliri, "whatever. You're still hoping to see her again, aren't you?"

“I have to go back to work,” pag-iiba na lang niya sa usapan. “Maraming pending na trabaho sa opisina ko.”

Napapalatak na napasandal sa upuan ang babae. Kung ibang pagkakataon lang siguro ay baka napatulan niya ang hantarang panunukso nito. Pero iba na ngayon. Ayaw niyang magkaroon sila ng problema ni Arianne. Ngayon pa na nagsisimula nang maayos ang gusot sa pagitan nila. Hindi na niya kaya pang maghintay ulit ng anim na taon para lang malaman niya na ito lang ang babaeng gusto niyang pakasalan.

MATAMLAY NA kinuha ni Arianne ang bag na nakalagay sa drawer sa ilalim ng kanyang table nang pumatak ang alas cinco sa wall clock. Wala na ang Nico na inaasahan niya. After the kissing scene ay parang bula itong naglaho. Inaasahan niyang yayain siya nitong mag-lunch, pero hindi nagbalik ang binata. Pero ano nga ba kasi ang inaasahan niya? Sekretarya siya ng binata at hindi na girlfriend. Ano ba ang inaasahan niya?

Muntik na siyang mapasigaw sa gulat nang sa kanyang pagpihit ng katawan ay tumama ang mukha niya sa dibdib ng lalaking nakasalubong.

"Missed me?" Si Nico. Naroon ang simpatikong ngiti.

Kagyat na nalusaw ang inis ng dalaga. Bumalik ang dating kilig na tanging ito lang ang nakapagpapadama sa kanya. Gayunman ay hindi siya nagpahalata.

"Uwian na, Sir. Mauna na ho ako." Akmang tatalikuran niya ang binata pero hinila nito ang braso niya. Suddenly, she was enclosed in his arms.

"Alam mo bang na-miss kita maghapon? Sorry ha. Di kasi ako nakatakas agad sa mga kausap ko eh. Sorry ha," parang batang lambing nito.

Napangiti si Arianne. That was music to her ears. "So, hindi pala ako nananaginip kanina?" biro niya.

Pinindot nito ang ilong niya bilang sagot. Muli siya nitong hinila sa braso. "Halika, may pupuntahan tayo."

Bago siya nakapagtanong ay akbay-akbay na siya nito palabas ng opisina. Nadaanan nila ang mga empleyadong noon ay gumagayak na rin pauwi. Bakas sa mukha ng mga ito ang pagtataka sa ayos nila ni Nico. Nang mamataan ni Arianne ang pinsan ay sinenyasan niya itong mauna nang umuwi.

Nakangiting nag-thumbs up pa sa kanya ang babae.

SA KINAUUPUANG concrete bench ay tanaw na tanaw ni Arianne ang papalubog na araw. With its every ray covering the wide horizon, the scene was breathtaking. Napasandal siya sa binatang noon ay nakaakbay sa kanya.

"When was the last time you watched the sunset?" tanong ni Nico. Tulad niya ay nakatutok din ang mga mata nito sa papalubog na araw.

Nag-isip siya. "Six years ago. With you."

"Talaga?" Inilayo siya saglit ni Nico para pagmasdan.

Muli niya lang inihilig ang ulo sa dibdib nito. "Ayoko ng sunset kapag hindi kita kasama. Malulungkot lang ako," pag-amin niya. May mga sandali kapag naaalala niya ang binata noon sa probinsya ay binabalak niyang mag-abang ng papalubog na araw sa tabing-dagat, ngunit sa tuwina ay nalulungkot lang siya. Kaya nga nangako siya sa sarili na manonood lang muli siya ng paglubog ng araw kapag kasama na ang binata.

Kinudlitan ni Nico ng halik ang buhok niya.

"Hayaan mo, from now on, ako lang ang makakasama mong manood ng sunset."

Ilang minuto pa sila sa ganoong ayos nang magsalita muli si Nico. "Arianne…"

"Hmmm…"

"Gusto ko nang makasal tayo."

Napaalis siya sa pagkakasandal sa binata. Tiningnan niya ito. "Seryoso ka?"

Umayos ng upo si Nico para magkaharap sila. May inilabas itong kahita mula sa bulsa ng suot na Amerikana. "I've never been this serious in all my life." Binuksan nito ang kahita saka kinuha ang kamay niya. "Marry me or else—"

"Or else what?" kunot-noong putol ni Arianne.

"Itatapon ko 'to sa dagat," tukoy nito sa engagement ring.

"Eh di itapon mo," pang-aasar niya.

"Ha?" Tila nalugi ng sampung beses ang hitsura ng mukha ni Nico.

Nakangiting kinuha niya ang singsing sa kamay nito. Kuminang ang batong design nito nang masinagan ng papalubog na araw. "Joke lang. Sayang

naman ito, o."

Nagulat siya nang kunin uli iyon ni Nico. "Teka umoo ka muna. Ang daya mo naman, eh."

Tuluyan na siyang natawa. Naagaw tuloy nila ang pansin ng ibang naroroon. Napapahiyang tumayo siya sa bench. Napasunod sa kanya si Nico. "Ayan ang ingay mo kasi. Tinitingnan na tayo ng mga tao," anito.

Walang sabi-sabing kinuha niya uli rito ang singsing. Tumakbo siya palayo. Gustong mapakamot sa ulo ng binata. Litong hinabol siya nito. "Arianne, will you stop playing games with me? Para naman tayong bata." Waring nahalata na nito na hindi bagay ang suot nilang office attire sa paghahabulan.

Nang maabutan siya nito ay biglang umangat ang paa niya sa lupa. Napatili siya. "Nico! Put me down!" Pero walang anumang naglakad lang ito na di-alintana ang bigat niya. Nang mapadaan sila sa isang pulis ay itinigil ni Arianne ang pagpupumiglas para hindi sila pagdudahan.

Nang makarating sa damuhan ay ibinaba siya nito. "There. You're driving me nuts. Hindi na ako igagalang sa opisina kapag nakita nila ang pinaggagagawa natin dito," reklamo nito.

Lumabi lang siya. She missed being childish. She missed being childish around Nico more.

Tinawag ng binata ang binatilyong nagtitinda ng sako para bumili ng mauupuan nila. Waring napagod sa pagtakbo, agad sumalampak si Arianne sa sakong inilatag ng binata. "Nagugutom ka na ba?" tanong ni Nico.

"Medyo. B'ili ka naman n'on," aniyang itinuro ang di-kalayuang ihaw-ihaw. Napangiti ang binata at tumalima. Dati ay hindi siya kumakain ng street food. Ayaw kasi ng mommy niya. Si Nico ang nag-impluwensya sa kanya na kumain niyon.

Saglit pa ay nasa tabi na niya uli ito. "So… boyfriend na ba kita?" tanong niya sa gitna ng pagkain ng pusit.

He inched closer. "No. Fiancé."

"Okay." Napatango si Arianne. That simple moment was perhaps the happiest in her life mula nang magkasakit ang mommy niya. Kung sana ay napagtagumpayan nitong malampasan ang chemotherapy, matutuwa ito kapag nalamang naiangat din ni Nico ang sarili. Alam niyang pinagsisihan ng ina ang panlalait sa binata noon. Di nga ba't sinabi pa nito na kung magkikita uli

sila ni Nico ay hindi na ito tututol sa relasyon nila? Pero hindi na nga iyon nahintay pa ni Myrna. Kung nasaan man ito ngayon, alam niyang masaya rin ito para sa kanya.

"Para saan naman iyon?" Si Nico. Narinig nito ang pagbuntong-hininga niya.

Umiling siya. "Naalala ko lang si Mommy."

"Kailangan pa ba kitang ipagpaalam sa kanya?" biro ni Nico.

"Sana napatawad mo na siya," hinging paumanhin niya para sa ina.

Hinawi ng binata ang ilang hibla ng buhok na lumilipad sa mukha niya. Iniipit nito iyon sa tainga niya. "Wala akong hindi gagawin para sa 'yo, Arianne. Your mother brought you into this world. Sapat nang dahilan iyon para mapatawad ko siya."

Napayakap siya sa binata. "Thank you. In that case, papakasalan na kita."

Sa narinig ay inilayo uli nito ang katawan sa kanya. Sa kabila ng kumakalat na takipsilim ay biglang nagliwanag ang mukha ng kaharap.

"Talaga?" Hindi pa siya nakakasagot ay biglang tumayo ang binata saka tumalon sa katuwaan. "I

love you, Arianne!" sigaw nito na bumulabog sa ibang lovers na nakaupo rin sa damuhan.

"AYAW NA sana kitang iuwi kaso baka sabihin mo naman hindi pa tayo kasal." Si Nico. Nasa tapat na sila noon ng bahay ng tiyahin.

*Kahit naman saan mo ako dalhin, okay lang,* gusto sanang isagot ni Arianne, pero pinigilan niya ang sarili. Ayaw niyang pag-alalahanin ang tiyahin at pinsan kung hindi siya uuwi. Hinaplos niya ang mukha nito. "Sandali lang naman ang tatlong buwan, di ba?"

Ginagap nito ang palad niya. "I can't wait for that day." August 8 ang napagkasunduan nilang petsa ng kasal, kasabay ng birthday ng mommy niya.

Hinalikan niya ang nobyo. Dampi lang sana iyon, pero hindi nito agad pinakawalan ang mga labi niya. Kung di pa marahil nagbukas ng ilaw sa harapan ng bahay ay hindi pa nila tatapusin ang halik na iyon. Natatawang itinulak ni Arianne ang nobyo. Nagpatiuna na siyang bumaba.

Hindi lang ang Auntie Betty niya ang nagulat nang ipaalam ni Nico ang balak nilang pagpapakasal. Maging si Bianca man ay nagulat din sa kanilang

napakabilis daw na love story. Napilitan tuloy siyang ipagtapat sa mga ito ang nakaraan nila ni Nico.

Napalatak si Bianca pagkarinig sa pahapyaw niyang kuwento. “Deny ka nang deny diyan, eh totoo naman pala,” sumbat nito.

“Hindi ko naman kasi inaasahan pa na magkakabalikan pa kami. Ang tagal na ng anim na taon. Malay ko ba kung natuloy siya sa Masbate noon at nag-asawa na?”

“Gan’on naman talaga kapag kapalaran mo daw ang isang tao. Tingnan mo ‘yong papa mo. Hinahabol pa noon ng taga ni Tatang iyon,” sabad ni Auntie Betty na noon ay naghain ng merienda.

Nakangiting ginagap ni Nico ang palad niya. “’Yan ha may mga witness na ako. ‘Wag mo akong tatakbuhan sa kasal natin,” biro nito.

“Teka, Sir Nic. Paano na si Lady Carmela?” singit ni Bianca.

Uminom muna ng juice ang binata bago sumagot. “What about her?”

“Tsismis sa opisina na nagkakamabutihan na daw kayong dalawa. How true?’ pang-iintriga nito.

Nabitin naman sa gagawing pagkagat ng

sandwich si Arianne. Siya man ay interesado rin sa sasabihin ng binata.

"She's just a friend. Nothing more. Utang ko sa kanilang mag-asawa kung anuman ang kinalalagyan ko ngayon," sagot ni Nico. Nagsimula nitong ikuwento ang nangyari sa barkong sinasakyan pauwi sana ng Masbate kung saan niya nakilala ang mga Chua. Nakahinga nang maluwag si Arianne doon.